
Epektibong Paggamit ng Digitized Lesson sa Filipino Tungo sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Grade 12 Senior High School

AIRENE B. NOPAL

Teacher II

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

airene.nopal@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay nangangahulugang di lamang pagtuturo ng batayang kasanayan sa kompyuter at mga software program. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng mga proyekto habang ekwip ng mga kagamitang panteknolohiya ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na maging intellectually challenged; sa pamamagitan ng mga proyektong ito, natatamo at napapadali ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagsusuri, paglutas ng suliranin habang sila ay gumagawa nang indibidwal at pangkatan upang saliksikin, iproseso at pagsama-samahin ang mga impormasyong nakita nila sa internet. Dahil dito, ang mananaliksik ay nagkaroon ng lakas ng loob na gawin ang pag-aaral na ito upang suriin ang pagiging epektibo ng digitized lesson tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School sa Filipino. Ang researcher-made na pagsusulit sa Filipino sa ikalawang quarter gamit ang mga kasanayan na makikita sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng asignaturang Filipino para sa grade 12 ang ginamit upang masuri ang kakayahan ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang digitized lesson. Simple percentage at t-test of mean difference ang ginamit na statistical treatment of data. Ang kasalukuyang pananaliksik ay nagpahayag ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School bago at pagkatapos ng paggamit ng digitized lessons sa Filipino. Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapahiwatig ng epektibong interbensyon dahil ang mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School ay nagamit ang Information and Communication Technology (ICT) ng paaralan at ang kanilang kagustuhang matuto ng mga aralin sa Filipino ay pinalakas kaya't nagtagumpay sila sa kanilang ninanais na learning outcome. Dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya ng pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng lakas at kasanayan para mapaunlad ang kanilang kakayahang matupad ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon para sa bagong henerasyon at maipakita ang kanilang seryosong pag-aaral. Ang paggamit ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay isang penomena at tampukan ng mga pananaliksik upang mapaunlad ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kaya naging matagumpay ang pananaliksik na ito batay sa resulta ng pag-aaral. Hinihikayat ng tagapanaliksik ang agarang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ang pag-integrate ng digitized activities na Gawain ng mga mag-aaral.

Keywords — Epektibong Paggamit, Digitized Lesson, Filipino, Pagkatuto, Mag-aaral sa Grade 12 Senior High School

I. PANIMULA

Ang pagkapatok at pagkahilig ng mga kabataan sa iba't ibang mga elektronikong kagamitan ay nagpapahiwatig at naghahatid ng mga makabuluhan na kung tawagin ay *technology-enhanced opportunities* na maaaring malinang ang akademikong kaalaman at kakayahan na magagamit para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Makikita natin kahit sa loob ng paaralan na halos lahat ng mga mag-aaral ay gumagamit na ng celfon na kung saan ang mga Gawain sa paaralan ay madali na lang nilang nakikita sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya.

Ang integratibong pagtuturo sa tulong ng makabagong teknolohiya na nakasanayan na rin ng mga estudyante na maituturing rin na bahagi na ng pag-araw-araw na gawain ang teknolohiya. Ang pagkakaroon ng interes ng mga estudyante sa mga gawaing pampagkatuto na ginagamitan nga digitized lesson an nagbibigay ng positibong interes sa mga bata upang pag-aralan ang asignaturang nakahanda.

Napapansin natin ngayon sa loob ng paaralan na kapag ang isang guro ay nagturo na ang gamit ay chalkboard, chalk, papel at lapis, manila paper at iba pang biswal na kagamitan, ang mga mag-aaral ay maingay at parang walang interes na making sa lesson. Ang guro ay kailangan maghanda ng kapanapanabik na digitized lesson upang matugunan ang panganailangan ng mga mag-aaral na makamit ang minimithing tagumpay para sa asignaturang Filipino.

Ang pag-usbong ng rebolusyon sa teknolohiya ay maaaring maisakatuparan nang lubusan ang pag-aaral na ito para sa pagtuturo. Sa pagkakaroon ng pagsasanib-pwersa ng kalakasan ng guro at mga estudyante ay mainam para sa makabuluhang relasyong pangkomunikasyon. Tiyak na makikita ang kahalagahan ng integrasyon ng multimidyang kagamitan o *digitized materials* para sa paggamit ng wika, kritikal na pag-iisip at integrasyon tungo sa iba't ibang aspeto ng buhay upang maaaring mailapat ito base sa pangangailangan. Natuklasan sa pag-aaral ni Kovalan, 2017 na ang pinagsamang teknolohiya para sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat ay epektibo tungo sa malawakang kasanayang pangwika ng mga estudyante.

Sa pag-aaral na isinagawa (Ishak, N. at Idrus, S., et al, 2021) nasilayan na isang suliranin ang pag-aakses sa internet upang magbigay ng kalidad at matatag na *through put at band width access* at maliban pa ay ang kahirapan ng buhay upang makabayad sa data o pang load. Madalas at mangilan-ngilan din sa klase ang nakitaan ng kawalan ng interes at agarang pagsusumite ng mga takdang gawaing pasulat. Isang panibagong hamon sa larangan ng pagtuturo ang kinakaharap ng mga guro ang mababang antas sa resulta ng pagsusulit sa nakaraang quarter. Nakita at napag-aralan ng mga guro ang dahilan ng mababang marka at ito an naipahayag na marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sap ag-intendi sa mga nababasa nila sa Filipino. Kaya nga bilang tugon sa hamon na ito, ang mananaliksik at kasalukuyang guro sa Senior High School ay nagbalangkas ng pananaliksik na ito upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral ang makamit ang mithiin nga asignaturang Filipino at maitaas ang antas nga kanilang marka o performance. Dahil dito, ang mga sumusunod ay naging balikas para maisagawa ang pananaliksik na ito upang suriin ang pagiging epektibo ng digitized lesson sa Filipino tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School ng Hindang Stand-Alone Senior High School, Hindang District, Leyte Division. Ang programa para sa tuloy-tuloy napag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino bilang tugon sa resulta ng pananaliksik na ito.

Nasa rasyunal na nais ng mananaliksik, na kasalukuyang isang guro sa grade 12 Senior High School sa nabanggit na lokalidad, na sumabak sa isang mahalagang proyektong pananaliksik na makakabenepisyo sa kanya, sa paaralan kung saan siya nagtuturo ngayon, at sa kanyang Programang Pang-Gradwado na kanyang tinatamasa.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagiging epektibo ng digitized lesson sa Filipino tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School ng Hindang Stand-Alone Senior High School, Hindang District, Leyte Division para sa taong 2023-2024. Ang paggawa ng programa para sa patuloy na pag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino bilang tugon sa resulta ng pananaliksik na ito.

Layunin na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang panimulang pagganap ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School bago maipatupad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa asignaturang Filipino

2. Ano ang panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School pagkatapos maipatupad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa asignaturang Filipino?
3. May makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng panimula at panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School bago at pagkatapos maipatupad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa asignaturang Filipino?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang mababalangkas sa pamamagitan ng resulta ng pananaliksik na ito?

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng “quasi-experimental” na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang epektibong paggamit ng digitized lesson sa Filipino tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School. Ang panimula at panapos na pagsusulit ay isinasagawa bago at matapos mailahad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa mga asignatura sa Filipino. Hindang Stand-Alone Senior High School, Distrito ng Hindang, Sangay ng Leyte and lugar ng pananaliksik. Ang apat na pung (40) mag-aaral sa Grade 12 Senior High School sa taong 2023-2024 ng nasabing lugar ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito. Ang mga aktibidad ay gagawing gamit ang computer-based instruction kung saan bibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na gumamit ng mga digital na materyales o gadget sa loob ng kanilang pag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga materyales at aktibidad na ginamit sa pagpapatupad ng interbensyon ay dumaan sa serye ng pagsusuri bago ito ipinatupad sa mga mag-aaral-respondente. Isang matrix ng mga aktibidad ang binuo upang gabayan ang guro-mananaliksik sa daloy ng kanyang pag-aaral sa interbensiyong nakapaloob sa pananaliksik na ito. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagiging epektibo ng digitized lesson sa Filipino tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School sa pamamagitan ng pagsagot sa panimula at panapos sa pagsusulit at ang makabuluhang pagkakaiba ng resulta. Bilang tugon sa resulta ng pananaliksik, ang isang *Proposed Improvement Plan* batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Tagatugon at Lugar ng Pananaliksik. May 40 mag-aaral sa Grade 12 Senior High School na kasali sa pag-aaral na ito. Ang mga instrumento ng pananaliksik ay isinagawa sa harapan ng mga mag-aaral nang may pahintulot mula sa Lokal na IATF at mahigpit na sinusunod ang itinakdang Health Protocol sa panahon ng mga face-to-face classes.

Proseso ng Pananaliksik. Ang mananaliksik ang nag-ayos ng disenyo ng pananaliksik at mga kasangkapan na ginamit sa pag-aaral. Humingi ng pahintulot at rekomendasyon mula sa Panel ng Pagsusuri ng *Graduate Studies*. Isang liham na kahilingan para sa pagsasagawa ng pag-aaral ay ipinaabot sa Tanggapan ng *Schools Division Superintendent*. Pagkatapos ng pagsang-ayon, nakuha ang pahintulot mula sa *District Supervisor at School Head* bago ang aktuwal na pagtitipon ng datos. Ang oryentasyon sa mga kalahok at pagsasagawa ng paunang pagsusulit (*pre-test*) ay ginanap nang harapan matapos ang pagsang-ayon ng pahintulot mula sa mga magulang ng mga respondente. Binigyang-diin *data privacy* sa pulong. Pagkatapos ng pagkumpleto ng *pre-test*, ibinigay ang interbensyon sa loob ng apat na linggo. Binigyang-diin sa pag-aaral ang implementasyon ng digitized na aralin gamit ang *computer-aided activities* sa pagtuturo ng Filipino upang mapabuti ang performance ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School. Pagkatapos ng apat na linggong interbensyon, isinagawa ang *post-test*. Iniayos ang mga resulta ng mga test. Tinally at isinumite ang datos para sa *statistical treatment*. Sinundan ito ng *Analysis at Interpretation of Data*. Paggawa ng *Proposed Improvement Plan* ang panghuling gawain ng mananaliksik.

Etikal na Isyu ng Pananaliksik. Ang mananaliksik ay wastong nakakuha ng pahintulot upang isagawa ang pag-aaral mula sa mga awtoridad sa pamamagitan ng sulatang komunikasyon. Sa pagbuo ng mga materyales ng interbensyon na ginamit sa pag-aaral, iniwasan ang paggamit ng mapang-api, diskriminatibo, o iba pang di-katanggap-tanggap na wika. Hindi kasama sa pag-aaral ang mga pangalan ng mga respondente at iba pang personal na datos upang protektahan ang kanilang pribadong pagkakakilanlan. Ang partisipasyon ng mga respondente ay boluntaryo rin. Isinagawa ang oryentasyon para sa mga respondente kasama ang kanilang mga magulang. Sa oryentasyon, tinugunan ang mga isyu at alalahanin at nilagdaan ang pahintulot na isama sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Pinanatili ng mananaliksik ang pagiging

obhetibo sa pagsusuri at pagtalakay sa mga resulta. Ang lahat ng mga may-akda na binanggit sa pag-aaral na ito ay wastong ginamit at kinilala sa sanggunian.

Kagamitan. Treatment of Data. Simple Percentage ang ginamit upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School bago at pagkatapos maipatupad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa asignaturang Filipino. **t-Test of Mean Difference** ang ginamit upang suriin ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral sa grade 12 Senior High School bago at pagkatapos maipatupad ang paggamit ng digitized lesson sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

III. RESULTA AT PAGTATALAKAY

TALAHANAYAN 1

PANIMULANG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 12 SENIOR HIGH SCHOOL SA FILIPINO

Hanay ng Iskor (Score Range)	Deskripsyon (Description)	PRETEST	
		Kadalasan (Frequency)	Bahagdan % (Percentage)
25-30	Napakahusay (Excellent)	0	0
19-24	Mahusay (Very Good)	1	3
13-18	Katamtaman (Good)	20	50
7-12	Hindi Masyadong Mahusay (Fair)	19	47
1-6	Kinakailangan ng Pag- unlad (Poor)	0	0
Total		40	100
Weighted Mean		12.65	Katamtaman (Good)

Talahanayan 1 ay nagpapahayag ng panimulang pagganap ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School sa asignaturang Filipino bago maipatupad ang paggamit ng digitized lesson. Makikita sa hanay, na sa apat na pung (40) mag-aaral, 19 or 47% ang nakakuha sa score na 7-12 na ang tawag ay Hindi masyadong mahusay (*fair*). Ang ibig sabihin na itong mga mag-aaral na nakakuha ng katamtaman lamang na marka sa asignaturang Filipino ay may dati ng kaalaman sa mga konsepto sa Filipino bago pa man gumamit ang guro ng digitized lesson. Sa kasamaang palad, ang mga mag-aaral na ito ay hindi nagtataglay ng ninanais na resulta sa kanilang pag-aaral, kaya't inirerekomenda na lumikha ng mga aktibidad at materyales sa pag-aaral na magpapataas ng interes ng mga mag-aaral na matuto ng higit pa sa Filipino. Dagdag pa, ipinapakita rin ng talahanayan na 20 o 50% ang nakakuha ng iskor na 13-18 na inaasahang magandang marka. Ibig sabihin, ang grupo ng mga mag-aaral na ito ay nakamit ang mataas na antas ng kasanayan sa Filipino. Ngunit hindi nangangahulugan na hindi na kailangan pang bigyan ng pansin at suporta ang mga mag-aaral na ito. Kahit na 50% ng mga mag-aaral sa klase ang nagpakita ng magandang *performance* sa Filipino, kailangan pa rin nila ng suporta mula sa guro at mga materyales sa pag-aaral na gagamitin sa asignaturang ito. Kaya naman, binuo ng mananaliksik ang *digitized*

lesson gamit ang mga *computer-aided* na aktibidad na kailangang salihan ng mga mag-aaral gamit ang digital na kagamitan tulad ng *computer*, *cellphone*, at iba pang *gadgets* na magagamit para sa mga mag-aaral. Bukod dito, ipinapakita rin sa talahanayan na 1 o 3% ang nakakuha ng iskor na 19-24 na napakaganda. Ibig sabihin, ang mag-aaral na ito ay nangunguna sa pagganap sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig ng ideya na magamit ang mga mag-aaral sa pagtulong sa guro at ang bata na ito ay may potensyal na makamit ang mas mataas na resulta sa pag-aaral pagkatapos ng interbensyon. Sa wakas, ipinapakita ng talahanayan ang *average weighted mean* na 12.65 na inaasahang maganda. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School ay nagpakita ng magandang *performance* sa Filipino. Ang magandang performance ng mga mag-aaral sa asignatura ay nagpapakita na kailangan nila ng mga aktibidad ng interbensyon upang gawing mas makabuluhan at mas magkitang interes sa mga mag-aaral. Kaya naman, ang mga *digitized lesson* na may mga aktibidad na binuo gamit ang mga available na gadgets sa paaralan. Mula sa interbensyong ibinigay, inaasahan na ang mga pag-uugali ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignatura ay magbabago at makakamit ang positibong resulta sa pag-aaral. Sa tulong ng makabagong teknolohiya bilang gamit sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan ay tumataas ang interes ng mga estudyante at napupukaw ang kanilang interes. Ang pamamaraan sa pagtuturo ayon kay *Gacelo (2012)* ay ang tungkol sa *Improved Instructional Practices* na pamamaraan ng pagtuturo na nakatuon sa mga estudyante bilang sentro ng pag-aaral kailangang matukoy ang pangangailangang nakatutulong sa pag-unlad ng pangkaisipan, pakikisalamuha at pandamdamin.

TALAHANAYAN 2

PANAPOS NA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 12 SENIOR HIGH SCHOOL SA FILIPINO

Hanay ng Iskor (Score Range)	Deskripsyon (Description)	POST TEST	
		Kadalasan (Frequency)	Bahagdan % (Percentage)
25-30	Napakahusay (Excellent)	17	42
19-24	Mahusay (Very Good)	20	50
13-18	Katamtaman (Good)	3	8
7-12	Hindi Masyadong Mahusay (Fair)	0	0
1-6	Kinakailangan ng Pag- unlad (Poor)	0	0
Total		40	100
Weighted Mean		23.88	Mahusay (Very Good)

Nakapaloob sa Talahanayan 2 ang panapos na pagganap ng mg mag-aaral sa Grade 12 Senior High School sa asignaturang Filipino matapos gamitin ang *digitized lesson* sa pagtuturo. Natuklasan sa talahanayan na ang panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School sa asignaturang Filipino matapos gamitin ang digitized lesson sa pagtuturo ay nakakuha ng *weighted mean* na 23.88 na itinuturing na mahusay o *very good*. Ang napakabuting

pagganap ay nagpapakita na 3 o 8% ang nakakuha ng iskor na 13-18 na itinuturing na katamtaman, samantalang 20 o 50% ang nakakuha ng iskor na 19-24 na itinuturing na mahusay at 17 o 42% ang nakakuha ng iskor na 25-30 na itinuturing na excellent. Ibig sabihin, ang integrasyon ng digitized na mga aralin na may kasamang digitized na mga aktibidad na gumagamit ng *Information, Communication Technology (ICT) equipment* at mga gadget na available sa paaralan. Ang resulta ng post-test ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng mga learning resources na ginamit ng guro sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino. Ayon kay Enriquez O. (2016), nakakatulong din ang multimedia upang mas maganda at klaro ang pag-aaral ng mga estdyante. Sa mabilis na pagbabago dulot ng makabagong teknolohiya, ang mga guro ay magkakaroon ng kaalaman at kakayahang panteknolohiya upang maka-agapay sa panahon ng digital. Sa larangan ng edukasyon sa makabagong panahon may mga indibidwal na nagtataglay ng kagalingan at kakayahan sa pagtuturo gamit ang impormasyon sa kominikasyong panteknolohiya o *Information and Communication Technology (ICT)*. Ayon sa ginawang pag-aaral ni Badayos (2008) nakapaloob sa makabagong siyensya ang mga kaalaman at karanasan na hindi maibibigayt ng tradisyunal na pagtuturo. Kung tutuosin mas makakalamang ang makabagong paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral dahil kaugnay na nito aang realidad na nangyayari sa buhay. Dahil na din sa pag unlad ng teknolohiya sa panahon ay naimbento ang ibat ibang gamit na magiging basehan ng mas magandang kalidad ng edukasyon. Sa makabagong paraan ng pagtuturo mas napapabilis na ang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas marami na rin ang nagagwang aktibidad sa paaralan ng mga magaaral. Mas natuto rin ang mga mag-aaral na maging mas malikhain dahil sa pag-unlad ng teknolohiya sa makabagong teknolohiya. Sa pag-aaral nina Hans at Akhter (2013) iginiit na ang mga guro, na pumasok sa larang ng edukasyon ay napakaikli lamang ng panahon sa karanasan sa paghahanda na walang pagsasanib sa teknolohikal na leksyon o kaya literasi sa pormal na digital na pagunlad sa edukasyunal na kaligiran. Nangangahulugan lamang na sadyang makabuluhan ang teknolohiya sa larang ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

TALAHANAYAN 3

PAGKAKAIBA SA RESULTA NG PANIMULA AT PANAPOS NA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 12 SENIOR HIGH SCHOOL SA FILIPINO

Aspects	Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
Grade 12 Senior High School Students in Filipino	Pre	12.65	1.667	0.833	Reject H ₀	Significant
	Post	23.88				

Talahanayan 3, ipinapakita ang pagkakaiba sa resulta ng panimula at panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School sa Filipino. Sa talahanayan ay ipinakita na ang *pre-test performance* na 12.65 ay tumaas hanggang 23.88 matapos ang integrasyon ng *digitized* na mga aralin sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng *digitized* na mga aktibidad na gumagamit ng *computer-aided* na mga materyales at nakamit ang kumputadong halaga ng t ng 1.667 na mas mataas kaysa sa critical value of t na 0.833, kaya't tinanggihan ang *null hypothesis*. Ibig sabihin, mayroong pagkakaiba sa resulta ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School bago at pagkatapos ng integrasyon ng digitized na aralin sa Filipino. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig ng epektibong interbensyon dahil ang mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School ay nagamit ang *Information Communication Technology (ICT)* ng paaralan at ang kanilang kagustuhang matuto ng mga aralin sa Filipino ay pinalakas kaya't nagtagumpay sila sa kanilang ninanais na *learning outcome*. Dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya ng pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng lakas at kasanayan para mapaulad ang kanilang kakayahang matupad ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon para

sa bagong henerasyon ng mga mag-aaral at maipakita ang kanilang seryosong pag-aaral. Ang paggamit ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay isang penomena at tampukan ng mga pananaliksik upang mapaunlad ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa pag-aaral ni Ali et al (2013) na may pamagat na *“The Role of ICT to Make Teaching-Learning Effective in Higher Institutions of Learning in Uganda,”* naipakita ang mabisang integrasyon ng teknolohiya sa mga praktis sa silid ay naging isang hamon sa mga guro at administrador ng paaralan. Nilayon sa pag-aaral na ito na matuklasan ang mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng ICT at kabisaan nito sa pagtuturo sa kolehiyo sa Uganda at matukoy ang mga inobasyong dala ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Gumamit ng sarbey ang pag-aaral na ito upang isagawa ang pananaliksik at natuklasang mabisa ang ICT lalo na ang integrasyon ng e-learning, e-communication, mabilis na pag-akses ng impormasyon sa internet, online student registration, online advertisement, at nababawasan ang pagpiprint ng mga sipi ng aralin at iba. Ang pagiging masaya sa serbisyo bilang guro at ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo (Cabigao, 2021). Anuman ang husay ng mga pamamaraan at kagamitan ng guro sa pagtuturo, huwag pa rin nating kalilimutan ang malaking ambag ng mga magulang at ng tahanan sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral. Habang tayo ay nagpapakahusay sa pagdukal ng karunungan sa larangan ng pagtuturo, alalahanin natin na ang pakikipag-ugnayan ng guro sa tahanan ng mga mag-aaral ay isang mahalagang estratehiya upang patuloy na mahikayat ang mga mag-aaral na makatugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga asignatura sa paaralan. Ang pakikilahok ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay lubhang mahalaga (Cabigao, 2014).

IV. KONKULUSYON

Ang kasalukuyang pananaliksik ay nagpahayag ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School bago at pagkatapos ng paggamit ng digitized lessons sa Filipino. Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapahiwatig ng epektibong interbensyon dahil ang mga mag-aaral sa Grade 12 Senior High School ay nagamit ang Information and Communication Technology (ICT) ng paaralan at ang kanilang kagustuhang matuto ng mga aralin sa Filipino ay pinalakas kaya't nagtagumpay sila sa kanilang ninanais na learning outcome. Dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya ng pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng lakas at kasanayan para mapaunlad ang kanilang kakayahang matupad ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon para sa bagong henerasyon at maipakita ang kanilang seryosong pag-aaral. Ang paggamit ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay isang penomena at tampukan ng mga pananaliksik upang mapaunlad ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kaya naging matagumpay ang pananaliksik na ito batay sa resulta ng pag-aaral. Hinihikayat ng tagapanaliksik ang agarang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ang pag-integrate ng digitized activities na Gawain ng mga mag-aaral.

V. REKOMENDASYON

1. Gamitin ang proposed improvement plan na ginawa ng mananaliksik basi sa resulta ng pag-aaral.
2. Hikayatin ang mga guro na gumawa ng mga digitized activities na naangkop sa tipo ng mga mag-aaral at klase ng kiapaligiran ng mga mag-aaral.
3. Ang mga dalubhasa sa pagbibigay ng makabuluhang mentoring activities ay dapat magsagawa ng training or seminar para mapaunlad ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino gamit ang mga ginawang digitized activities.
4. Ang mga guro ay dapat hikayatin ang sarili na matuto sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo para ang mga mag-aaral ay magkaroon ng sapat na pagganyak at mapaunlad ang kakayahan sa Filipino.

5. Dapat isaalang-alang ng mga pinuno sa paaralan na unahin ang pagbili ng mga kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral kagaya ng laptop, tablets, computers and iba pang kagamitang magagamit nila sap ag-aaral ng mga aralin sa Filipino.
6. Hikayatin ang mga mag-aaral na mapaunlad ang sinimulang pampagkatuto ng mga aralin sa Filipino at magamit ito sa susunod na baiting ng pag-aaral, at
7. Ang mga darating na mananaliksik ay dapat mag-ulit ng pag-aaral na ito upang isama ang iba't ibang lokalidad at iba pang mga variable bukod sa nabanggit sa pag-aaral na ito.

PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay lubos at taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong may malaking naiambag upang ang obra maestrang ito ay matapos. Maraming salamat kina: Dr. Jasmine B. Misa, kanyang napakabait at matulunging tagapagpayo, sa pagbibigay ng magagandang komento at walang sawang pagwawasto sa manuskrito. Dr. Sabina B. Conui, Gradwadong Paaralan ng Western Leyte College, sa pagsubaybay sa kanya upang matapos ang kanyang pag-aaral sa masteral at pagbibigay ng mga gabay upang ang librong ito ay matapos. Dr. Elvin H. Wenceslao at Dr. Elvin H. Wenceslao, mga kasapi ng panel tagapagsulit, at Dr. Bryant C. Acar, Representante ng paaralang WLC, sa pagbibigay ng mga makabuluhang suhestyon upang mapaunlad ang awtput na ito. Mariza S. Magan EdD, CESO V, DepEd Leyte Schools Division Superintendent, sa pagbibigay ng agarang sagot sa kahilingang makapagsagawa ng pag-aaral. Punong Guro, Mga Guro at kawani ng Hindang Stand-Alone Senior High School sa pagbibigay ng suporta sa isinagawang pag-aaral. Sa kanyang pamilya: Nanay Freda, Nanay Ruth at Tay Erwin sa kanilang buong pagmamahal, tiwala at suporta. Nagpapasalamat din siya sa kang mga kapatid na naging inspirasyon upang matapos ang pag—aaral na ito; Jerome B. Oquias, kanyang kasintahan, sa taos-pusong pagmamahal at pagsuporta. Sa kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan sa ibinigay na motibasyon na ipagpatuloy ang pag-aaral. Sa mga taong hindi nabanggit na may naiambag sa pag-aaral na ito maraming salamat; at Higit sa lahat, sa Poong Maykapal na nagbibigay sa kanya ng kaalaman at lakas upang matpaos ang pag-aaral na ito.

TALASANGGUNIAN

- [1] Aladwan, F., & Fakhouri, H. (2018). Students' attitudes toward blended learning among students of the University of Jordan. *Modern Applied Science*, 12(12), 217 –227. <https://doi.org/10.5539/mas.v12n12p217>
- [2] Azarias, R. A. (2022). Asynchronous learning among industrial-technical students: Input to a framework in the new normal industrial-technical instruction. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(6), 79-88. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.178>
- [3] Bouilheres, F., & McDonald, S. (2020). Defining student learning experience through blended learning. *Education and Information Technologies*. <https://doi.org/10.1007/s10639-020-10100-y>
- [4] Century Ideas (2015) Multimedia gamit sa mabisang pagakatuto
- [5] Charness, N., & Boot, W. R. (2016). Technology, gaming, and social networking. *Handbook of the Psychology of aging*(8th ed.). <https://doi.org/10.1016/B978-0-12-411469-2.00020-0>

- [6] Ching, G. S. (2012). Blog assisted learning: Experiences in learning business english vocabularies. *International Journal of Research Studies in Educational Technology*, 1(1), 3-12. <https://doi.org/10.5861/ijrset.2012.v1i1.10>
- [7] Ching, G. S., & Roberts, A. (2020). Evaluating the pedagogy of technology integrated teaching and learning: An overview. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(6), 37-50. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5800>
- [8] Enriquez, Oliver (2016) kahalagahan ng paggamit ng multimedia <http://enriquezoliver.blogspot.com/2016/01/kahalagahan-ng-paggamit-ng-multimedia.html>
- [9] Espinosa, K. P.M., & Mangali, G. R. (2021). ScITECH: An approach in teaching Science Technology Society (STS) course in higher education. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(6), 1-8. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.5075>
- [10] Francia M. Sta. Clara (2015) Multimedia gamit sa pagkatuto <http://centuryideas.blogspot.com/2015/09/multimedia-gamit-sa-mabisang-pagkatuto.html> Thesis. Epekto ng Multimedia sa Paglinang ng Pagtuturo at Pagkatuto (2013-2014) <https://www.slideshare.net/zurcoinesra/envelope-attachment>
- [11] Granberg, Ellen M. 2000. "How Technology Enhances Teaching and Learning." CFT's newsletter. *Teaching Forum*.
- [12] Horng, J., & Hong, J., et al. (2005). *Creative teachers and creative teaching strategies*. <https://doi.org/10.1111/j.1470-6431.2005.00445>
- [13] Ishak, N. A., & Idrus, S. Z., (2021). Exploring digital parenting awareness during covid-19 pandemic Through online teaching and learning from home. *International Journal of Business and Technopreneurship*, 11(3), 37-48.
- [14] Jha, P. K., & Naaz, I. (2021). ICT for pre-service and in-serviceteachers: Implications and challenges. Universal Academic Books Publishers.
- [15] Kovalan, A. (2018). Effects of integrated technology in creative writing. *Asian Journal for Convergence in Technology*, 3(3). Retrieved from <https://asianssr.org/index.php/ajct/article/view/213>
- [16] Kumar, V. (2016). *Integration of multimedia for teaching writing skills*. <https://www.researchgate.net/publication/305811900>
- [17] Madre, R. J. D., & Marbella, F. D. (2021). Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(8), 93-102. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.682>
- [18] Muliasari, D. N. (2010). The internet as an aid in developing writing skills. *Universitas Pendidikan Indonesia*, 4(1).
- [19] Ozmen, H. (2011). Effect of animation enhanced conceptual change texts on 6th grade students' understanding assisted grammar learning tool. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0236862>
- [20] Parente, L., & Solmiano, E. M. (2021). Mag-aaral ay Di' Biro: A phenomenological study on experiences of the students on blended learning amidst COVID-19. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education*. <https://doi.org/10.6084/m9.figshare.13717864.v1>

- [21] Pasternak, D. L., & Caughlan, S. (2014). Teaching English language arts methods in the United States: a review of the research. *Review of Education*, 2(2), 146–185. <https://doi.org/10.1002/rev3.3031>
- [22] Reanne Eros Gabay (2014) Persepsyon ng mga Estusyante sa Senior High School sa Malabon Natioal High School sa pag-gamit ng teknoloiya bilang kagamitang panturo. http://www.academia.edu/31844197/PERSEPSYON_NG_MGA_ESTUDYANTENG_NASA_SENIOR_HIGH_SCHOOL_SA_MALABON_NATIONAL_HIGH_SCHOOL_SA_PAGGAMIT_NG_TEKNOLOHIYA_BILANG_KAGAMITANG_PANTURO
- [23] Refat, N., & Kassim, H.,(2020). Measuring student motivation on the use of a mobile of the particulate nature of matter and transformation during phase changes. *Computer and Education*, 57(1), 1114-1126. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2010.12.004>
- [24] Rotas, E. E., & Cahapay, M. B. (2020). Difficulties in remote learning: Voices of Philippine University students in the wake of COVID-19 crisis. *Asian Journal of Distance Education*, 15(2). <https://eric.ed.gov/?id=EJ1285295>
- [25] Saeed Al-Marroof, R. A., & Al-Emran, M. (2018). Students acceptance of Google Classroom: An exploratory study using PLS-SEM Approach. *International Journal of Emerging Technologies in Learning*, 13(6), 112–123. <https://doi.org/10.3991/ijet.v13i06.8275>
- [26] Sara Aloraini. 2012. The impact of using multimedia on students' academic achievement in the College of Education at King Saud University. Thesis.
- [27] Sayeski, K., & Kennedy, M. (2015). The efficacy of multimedia modules for teaching basic literacy-related concepts. *Exceptionality*, 23(4), 237–257. <https://doi.org/10.1080/09362835.2015.1064414>
- [28] Schunk, D. H. (1991). Self-efficacy and academic motivation. *Educational Psychologist*, 26(3&4), 201–231.
- [29] Seo, K. T. R., & Pellegrino, D. (2008). Creating a ripple effect: incorporating multimedia-assisted: Project-based learning in teacher education. *Theory into Practice*, 47(3),259-265. <https://doi.org/10.1080/00405840802154062>
- [30] Stern, J. (2020). *Introduction to online teaching and learning*. Retrived from <https://www.wlac.edu/online/documents/otl.pdf>
- [31] Tongson, M. B. (2018). Teaching styles and language performance: towards a development ofan English Language program. In E. P. Gacelo (Ed.), *Principles of teaching* (p. 126). C and E Publishing.
- [32] Trapp, A., Hammond, N., & Bray, D. (1996). Internet and the support of psychology education. *Behavior Research Methods, Instruments & Computers*, 28(2), 174–176. <https://doi.org/10.3758/BF03204759>
- [33] Wang, C. Y., & Ching, G. S. (2013). A study on the relationship of Facebook and EFL learners' personality. *International Journal of Research Studies in Educational Technology*, 2(2), 3-18. <https://doi.org/10.5861/ijrset.2013.434>
- [34] [What Is Successful Technology Integration? | Edutopia](http://www.edutopia.org/technology-integration-guide-description), naakses noong May 24, 2016 sa<http://www.edutopia.org/technology-integration-guide-description>

[35] [Why Integrate Technology into the Curriculum?: The Reasons Are ...](http://www.edutopia.org/technology-integration-introduction) naakses noong May 24, 2016 sa <http://www.edutopia.org/technology-integration-introduction>

[36] Wolfe, J., & Griffin, J. A. (2012). Comparing technologies for online writing conferences: effects of medium on conversation. *The writing center Journal*, 32(2), 60–92.

[37] Yuan-Hsuan Lee et al. 2011. “[Revisit the Effect of Teaching and Learning with Technology](http://www.ifets.info/journals/16_1/12.pdf),” Institute of Education, National Chiao Tung University, Hsinchu City 300, Taiwan naakses noong Mayo, 2016 sa http://www.ifets.info/journals/16_1/12.pdf